Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Marso 20, 1985

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg 43, s. 1995

PAMBANSANG SEMINAR/PALIHAN SA KALAGAYAN NG WIKANG
FILIPINO SA IBA'T IBANG LARANGAN

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang
Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralan, Kolehiyo
at Pamantasang Pribado

1. Magdaraos ng isang Pambansang Seminar/Palihan sa Pilipino sa Abril 8-10, 1995, ika-8 n.u. hanggang ika-5 n.h., sa Munting Tanghalan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) Kamaynilaan, sa magkasamang pagtataguyod ng Pandaylipi, Ink., Surian ng Wikang Pambansa at Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, sa pakikipagtulungan ng Ministri ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang tema ng tatlong araw na Seminar/Palihan ay Kalagayan ng Wikang Pilipino sa Iba't Ibang Larangan.

2. Ang mga layunin sa pagdaraos ng nabanggit na Seminar/Palihan ay ang mga sumusunod: a) maihayag ang tunay na kalagayan ng wikang Pilipino sa iba't ibang larangan ng kaalaman; b) masuri ang kaunlaran o kakulangan ng wika sa pagpapayaman ng iba't ibang disiplina sa paaralan; k) mabatid ang sadyang bisa ng wika sa pag-aaral ng iba't ibang asignatura; d) mapaunlad pa ang paggamit ng wika sa mahahalagang larangan ng pag-aaral e) makabuo ng mga materyales na angkop at kailangan sa madaliang pag-unawa ng mga itinuturong kaalaman.

3 Hinihiling sa lahat ng kinauukulan lalo na sa mga guro, dalubguro at pinuno ng iba't ibang Kagawaran pang-akademiko, na dumalo sa idaraos na pambansang Seminar/Palihan sa lugar, oras, at petsang itinakda.

4. Ang sinumang kawaning magnanais lumahok sa Seminar/Palihang ito ay hindi dapat singilan ng pamahalaan maliban sa pagpapahintulot sa kanila na malayang makagamit ng opisyal na oras.

5. Lahat ng katanungan hinggil sa Seminar/Palihan ay itukoy kay Dr. Zenaida A. Gloman Tagapangulo ng Lupon sa Seminar/Palihan o kay Prop. Amalia Rosales Tel. Blg. 62-57-36, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Mabini Kampus, Sta. Mesa, Maynila.

6. Hinahangad ang pagpapalabot ng Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

(LGD.) JAIME C. LAYA
Minister

Sanggunian:

MEC Memorandum No. 204, s. 1980

Pamunudmod. 1-3-4 (D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

| | |
|---|---|
| CONFERENCE | OFFICIALS |
| Course of Study, ELEMENTARY | SOCIETY or ASSOCIATIONS |
| Course of Study, COLLEGIATE | TEACHERS |
| Course of Study, SECONDARY | WORKSHOP |